



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG MGA PAARALAN NG NUEVA ECUA
Old Capitol Compound, Burgos Avenue Cabanatuan City



September 11, 2015

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. , 130 s. 2015

PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO SA ELEMENTARYA 2015

Sa: Mga Tagamasid Pampurok
Punongguro/OIC ng mga Paaaralang Elementarya

1. Bilang pakikiisa sa diwa ng Buwan ng Pagbasa at paghahanda sa Panrehiyong Paligsahan, ang Pansangay na Tagisan ng Talino sa Filipino ay gaganapin sa Guimba East Central School sa Nobyembre 19, 2015.
2. Ang paligsahan ay katatampukan ng mga sumusunod:
 - 2.1. Kategorya ng Mag-aaral
 - a. Pagtula para sa mga Baitang 1, 2 at 3
 - b. Pagbabaybay para sa Baitang 4
 - c. Masining na Pagkukuwento para sa mga Baitang 5 at 6
 - 2.2. Kategorya ng Guro
 - a. Masining na Pagkukuwento
3. Layunin ng paligsahan na
 - a. mapasigla ang interes at pagpapahalaga ng mga mag-aaral at guro sa mga panitikang lokal na kasasalaminan ng sariling kultura;
 - b. mabigyang pagkakataon ang mga mag-aaral at guro na maipakita ang kanilang konseptwal na pag-unawa sa paglikha at pagbigkas ng tula, pagbabaybay, pagsulat ng alamat at pagkukuwento;
 - c. makilala at mapahalagahan ang mga mag-aaral at guro na may natatanging galing sa wika at panitikan;
 - d. maisakatuparan sa mga gawaing pampaaralan ang konsepto ng kontekstwalisasyon.
4. Ang Pansangay na Tagisan ng Talino sa elementarya ay nararapat lahukan ng tatlong (3) mag-aaral at isang (1) guro na magwawagi ng unang puwesto sa gaganaping Pampurok na Tagisan ng Talino. Kaugnay nito, Pinapayuhan ang bawat purok na magsagawa ng Pampurok na Tagisan ng Talino upang mapili ang lalahok sa pansangay na lebel. Maaaring isagawa ang paligsahan sa alinmang petsa mula una hanggang ikalawang linggo ng Nobyembre 2015.
5. Ang magwawagi ng unang puwesto sa pansangay na paligsahan sa bawat kategorya ay kakatawan bilang opisyal na lalok sa Rehiyunal na Tagisan ng Talino na gaganapin sa Nobyembre 27, 2015.
6. Iminumungkahi na ang mga proseso ng mga gawain at mga pamantayan sa gaganaping Pampurok na Paligsahan ay ibatay sa mga gawain at pamantayan ng Pansangay na Paligsahan.

7. Kalakip nito ang:

- a. Panuntunan at Pamantayan ng Paligsahan – Kalakip Blg. 1
- b. Komite sa Pagpapalano at Teknikal – Kalakip Blg. 2

8. Ang halagang gugugulin para sa pagkain ng mga hurado, *facilitators* at iba pang mga kagamitan sa paligsahan ay manggagaling sa *Division INSET Funds*. Ang sariling probisyon sa pagkain at transportasyon ng mga dadalo ay manggagaling sa *school funds/school MOOE* na sasailalim sa tuntunin at patakaran ng pagtutuos at pagsusuri.
9. Ang patakaran sa paglahok ay dapat naayon sa '*no-disruption-of-classes policy*' na nasasaad sa DepEd Order. 9, s.2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.
10. Inaasahan ang mabilisang pamamahagi at diseminasyon ng memorandum na ito


EDNA SANTOS-ZERRUDO, Ed.D., CESO V
Tagapamahala ng mga Paaralang Pansangay

Kalakip: gaya ng nasasaad

Panuntunan at Pamantayan ng Paligsahan

A. Kategoya ng Mag-aaral

a. Pagtula

Ang paligsahan sa pagtula ay lalahukan ng mga nagwagi ng Unang Puwesto sa ginanap na Pampurok na Tagisan ng Talino. Ang kalahok ay maaaring magmula sa alinmang Baitang 1, 2 at 3 na nagwagi ng nasabing puwesto.

Panuntunan

1. Ang tulang bibigkasin sa paligsahan ay orihinal na komposisyon ng mag-aaral o sinumang miyembro ng pamilya sa paggabay ng mga guro. Ito ay bibubuo ng limang (5) saknong na may lalabindalawahing (12) pantig bawat taludtud.
2. Ang nilalaman ng tula ay inaasahang naglalarawan at nagpapahalaga sa sariling kultura bilang pamilyang Pilipino.

Pamantayan: Pupuntusan ang bawat kalahok batay sa sumusunod na pamantayan:

- | | |
|---|-------|
| 1. Orihinalidad | 25 % |
| 2. Taglay ang mga sangkap ng tula (sukat, tugma, talinghaga, imahe) | 25 % |
| 3. Naglalarawan ng sariling kultura | 25 % |
| 4. Pagkakatanghal (Pagbigkas, tinig, tindig at kilos) | 15 % |
| 5. Hikayat sa manonood/nakikinig | 10 % |
| | 100 % |

b. Pagbabaybay

Ang paligsahan sa pagbabaybay ay lalahukan ng mga mag-aaral sa Baitang 4 na nagwagi ng Unang Puwesto sa Pampurok na Tagisan ng Talino. Susukatin ang galing ng bawat kalahok sa pagsulat ng wastong baybay ng salita/mga salita, gamit ng malaki at maliliit na titik at gitling. Ang paligsahang ito ay binubo ng mga sumusunod:

- Unang Bahagi: Madali – 10 puntos (10 salita x 1 puntos)
- Ikalawang Bahagi: Katamtaman – 30 puntos (10 salita x 3 puntos)
- Ikatlong Bahagi: Mahirap – 50 puntos (10 salita x 5 puntos)
- Ikaapat na bahagi: Clincher – paglutas sa *tie* (kung mayroon)

Sa bawat bahagi ay may sampung (10) salitang isa-isang bibigkasin ng *Quiz Master*. Matapos mabigkas nang makalawa ng *QM* ang salita/mga salita, siya ay magbibigay hudyat ng 'Go' sa mga kalahok upang mabilis na isulat sa *metacard* ang tamang baybay ng narinig na salita/mga salita. Ang pagsulat ay dapat lamang tumagal ng sampung segundo (10). Matapos ang inilaang oras ay maririnig sa *QM/Timer* ang hudyat na 'Stop' upang itaas ang *metacard* at ipakita ng bawat kalahok ang kanilang isinulat sa mga hurado. Ibababa lamang ang *metacard* matapos masuri at mapuntusan ng *QM* at mga hurado ang bawat sagot. Matapos ang pagpuntos ay kukulektahin ng mga hurado/*facilitators* ang mga *metacards* sa bawat kalahok.

Sa paligsahang ito, makatutulong sa bawat kalahok ang masusing pakikinig at kooperasyon sa *QM/Timer*. Ang hindi pagsunod sa panuntunan ay nangangahulugan ng diskwalipikasyon sa paligsahan.

c. Masining na Pagkukuwento

Ang paligsahan sa Masining na Pagkukuwento ay para sa mga mag-aaral sa Baitang 5 at 6 na magwawagi ng Unang Puwesto sa Pampurok na Tagisan ng Talino. Sa Sub-kategoryang ito, ang kalahok sa paggabay ng mga guro ay inaasahang makasusulat ng sariling alamat ng sariling lugar na kasasalaminan ng kanilang kultura. Ang mabubuonng alamat ay gagamitin sa masining na pagkukuwento.

Panuntunan

1. Ang alamat na gagamitin sa masining na pagkukuwento ay may payak na banghay lamang – Simula, Gitna (Kasukdulan) at Wakas.
2. Inaasahan na ang nilalaman ng alamat ay naglalarawan ng kultura ng sariling lugar.
3. Ang pagkukuwento ay tatagal lamang ng 4-5 minuto.
4. Maaaring gumamit ng angkop na kasuotan o kagamitan sa pagkukuwento.

Pamantayan: Pupuntusan ang bawat kalahok batay sa sumusunod na pamantayan:

- | | |
|--|-------|
| 1. Orihinalidad | 25 % |
| 2. Taglay ang mga sangkap ng alamat (Simula, Gitna at Wakas) | 25 % |
| 3. Naglalarawan ng sariling kultura | 25 % |
| 4. Pagkakatanghal (Pagbigkas, tinig, tindig at kilos) | 15 % |
| 5. Hikayat sa manonood/nakikinig | 10 % |
| | 100 % |

B. Kategoya ng Guro

a. Masining na Pagkukuwento

Ang kategoryang ito ay lalahukan ng mga gurong nagwagi ng Unang Puwesto sa Pampurok na Tagisan ng Talino. Katulad ng masining na pagkukuwento ng mga mag-aaral, ang sariling akdang alamat tungkol sa sariling lugar din ang gagamitin sa paligsahan. Sa bahaging ito, maaaring magdagdag/magpaunlad ang guro sa ilang bahagi ng alamat sa ikabubuti ng gagawing pagkukuwento.

Panuntunan

1. Ang alamat na gagamitin sa masining na pagkukuwento ay may payak na banghay lamang – Simula, Gitna (Kasukdulan) at Wakas.
2. Inaasahan na ang nilalaman ng alamat ay naglalarawan ng kultura ng sariling lugar.
3. Ang pagkukuwento ay tatagal lamang ng 6-7 minuto.
4. Maaaring gumamit ng angkop na kasuotan o kagamitan sa pagkukuwento.

Pamantayan: Pupuntusan ang bawat kalahok batay sa sumusunod na pamantayan:

- | | |
|--|-------|
| 5. Orihinalidad | 25 % |
| 6. Taglay ang mga sangkap ng alamat (Simula, Gitna at Wakas) | 25 % |
| 7. Naglalarawan ng sariling kultura | 25 % |
| 8. Pagkakatanghal (Pagbigkas, tinig, tindig at kilos) | 15 % |
| 9. Hikayat sa manonood/nakikinig | 10 % |
| | 100 % |

Pangkalahatang Tuntunin

1. Ang kopya (*hard and soft*) ng sariling akdang tula at alamat na nagwagi ng unang puwesto sa ginanap na Pampurok na Tagisan ng Talino ay dapat pormal na maisumite sa tanggapan ng EPS Filipino sa SDO ng Nueva Ecija hanggang Nobyembre 16, 2015.
2. Ang bawat kalahok ay dapat magpatala sa takdang oras bago ang paligsahan.
3. Pipiliin/Kikilalanin ng Lupon ng Hurado ang tatlong (3) magwawagi sa bawat kategorya gamit ang *point system*.
4. Tutuusin din ang panalo ng bawat purok upang matukoy ang tatlong (3) gagawaran ng pagkilala bilang *Over-all-Champion, First at Second Runner-Up*.
5. Ang desisyon ng Lupon ng Hurado ay pinal at di maipaghahabol.